



Pagpasok sa Australia

Sundin ang mga hakbang sa ibaba sa pagpasok sa Australia.

Hakbang 1 - Alamin ang mga kinakailangan sa iyong visa

Huwag bumiyahe sa Australia nang walang visa. Puwede mong gamitin ang aming visa finder para alamin ang [mga opsyon sa visa](#).

Baka kailanganin mo **ring** mag-apply ng, at mabigyan ng pahintulot sa pagbibiyahe para makapasok sa Australia. (tingnan ang hakbang 3 sa ibaba).

Hakbang 2 - Alamin ang mga kinakailangan sa iyong pagpapabakuna

Matutukoy ng iyong katayuan sa pagpapabakuna ang iyong kailangang gawin para makapasok sa Australia.

Marami pang bagay ang dapat isaalang-alang kapag hindi mo natutugunan ang [mga kinakailangan sa pagpapabakuna para sa mga layunin ng pagbibiyahe sa ibang bansa ng Australia](#). Sundin ang mga hakbang sa ibaba.

Kung hindi ka puwedeng bakunahan dahil sa medikal na kadahilanan, puwede mong ma-access ang parehong kaayusan gaya ng sa mga nabakunahang biyahero. Kailangan mong makapagbigay ng katanggap-tanggap na medikal na katibayan. Tingnan ang: [Pagpapabakuna at pagpapasuri](#).

Puwedeng kanselahin, makulong, at mapaalis ang mga may-ari ng visa na dumating sa Australia kung sila ay:

- hindi pa ganap na nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyahe sa ibang bansa alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpasok sa border ng Australia; o
- walang medical contraindication sa isang bakuna laban sa COVID-19 batay sa tinukoy ng Pamahalaan ng Australia; o
- wala sa *katategoryang may pahintulot* o walang indibidwal na pahintulot sa pagbibiyahe.

Hakbang 3 - Mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyaha

Kung hindi mo natutugunan ang mga kinakailangan sa pagpapabakuna ng Australia, baka kailanganin mo **ring** mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyaha para makapasok sa Australia.

Para sa higit pang impormasyon at kung paano mag-apply, tingnan ang [proseso ng pagkuha ng pahintulot para makapasok sa Australia](#).

Hakbang 4 - Alamin ang mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo

Bago ka mag-book ng iyong flight, alamin ang mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo. Puwedeng kasama rito ang mga form ng pagpaparehistro sa pagpasok sa border o pag-quarantine.

Alamin sa lahat ng estado at teritoryo na dadaanan at pupuntahan mo. Puwedeng magbago ang mga kinakailangan nang may biglaang abiso. **Baka kailanganin mong mag-quarantine.**

Responsibilidad mong sumunod sa mga paghihigpit at kinakailangan sa pagbibiyaha na naaangkop sa iyo. Kung hindi ka sumunod, puwede kang maharap sa mga malalang parusa, kasama na ang pagkakulong at malalaking multa. Tingnan ang: [Mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo](#).

Hakbang 5 - Magplano nang maaga

Dapat mong isaalang-alang kung ano ang gagawin mo kung magkaroon ng mga pagkaantala at pagkaabala sa iyong biyahe.

Puwedeng may mga partikular na kinakailangan ang mga airline na dapat mong matugunan. **Sumasailalim ang mga hindi nabakunahang biyahero sa mga limitasyon sa dami ng parating na pasahero at kailangang matugunan ang mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo.**

Kung naaangkop sa iyo, alamin kung ano ang mga kakailanganin mong gawin para [makaalis sa Australia](#).

Hakbang 6 - I-book ang iyong biyahe

Hakbang 7 - Kumpletuhin ang iyong Digital na Deklarasyon ng Pasahero

Puwede mong simulan ang iyong Digital na Deklarasyon ng Pasahero (Digital Passenger Declaration o DPD) pitong araw bago ang iyong flight at isumite ito sa loob ng 72 oras bago ang iyong pag-alis papuntang Australia.

Hinihingi ng DOD ang mahahalagang impormasyon ng kalusugan. Isang ipinag-uutos na kinakailangan ang pagbibigay ng impormasyong ito. Makakatulong itong matiyak na hindi ka makakaranas ng mga hindi kinakailangang pagkaantala sa airport, o sa iyong pagdating sa Australia. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang: [DPD](#).

Hakbang 8 - Sumailalim sa isang pagpapasuri sa COVID-19 bago ang pag-alis

Kakailanganin mong magpakita sa mga kawani ng airline ng katibayan ng isang kamakailang negatibong pagpapasuri sa COVID-19..

Para sa higit pang impormasyon sa kung anong pagpapasuri ang iyong kailangan at kung kailangan isasagawa ang pagpapasuri, tingnan ang [pagpapabakuna at pagpapasuri](#).

Hakbang 9 - Ihanda ang iyong mga dokumento para sa airport

Kapag nag-check in ka para sa iyong flight, hihilingin sa iyo ng mga kawani ng airline na ipakita ang iyong:

- pasaporte
- visa
- inaprubahang [pahintulot sa pagbibiyaha](#), kung kailangan
- [negatibong resulta ng pagpapasuri sa COVID-19](#)
- nakumpletong [DPD](#).

Hakbang 10 - Tugunan ang mga kinakailangan sa pagpasok sa Australia

Kasama rito ang clearance sa immigration, customs, at biosecurity. Para sa higit ang impormasyon, tingnan ang [pagtawid sa border](#).

Hakbang 11 - Tugunan ang mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo

Ipag-uutos ng karamihan ng mga estado at teritoryo na sumailalim ka sa pagpapasuri sa COVID-19 sa lalong madaling panahon na dumating ka sa Australia.

Sumasailalim ang mga hindi nabakunahang biyahero sa mga limitasyon sa dami ng parating na pasahero at kailangang matugunan ang mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo. Baka kailanganin mong mag-quarantine. Dapat mong alamin ito, at anupamang kinakailangan para sa lahat ng [estado at teritoryo na dadaanan at pupuntahan mo](#).

Pagdaan sa Australia

Pagdaan sa loob ng 72 oras o wala pa

Kung dadaan ka sa Australia, **kailangan** mong makakuha ng paalis na ticket ng flight na aalis sa Australia sa loob ng hindi hihigit sa 72 oras pagkatapos mong unang dumating. Kung walang available na isang naaangkop na connecting flight, **hindimagiging** posible ang pagdaan sa Australia.

Hindi mo kailangang mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyahe kung dadaan ka sa loob ng 72 oras o wala pa.

Mga kinakailangan sa Visa

Para dumaan sa Australia, kailangan mong magmay-ari ng isang may bisang visa o magmula sa isang karapat-dapat na bansa para [Makadaan nang Walang Visa \(Transit Without a Visa o TWOV\)](#).

Kung wala kang may bisang visa o hindi karapat-dapat sa TWOV, kailangan mong mag-apply ng visa para pumasok sa Australia. Para dumaan sa Australia sa loob ng hanggang 72 oras, mag-apply ng [Transit visa \(subclass 771\)](#).

Pagpapasuri sa COVID-19

Kailangan mo ng negatibong resulta ng pagpapasuri sa COVID-19 para makadaan sa Australia. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [pagpapabakuna at pagpapasuri](#).

Digital na Deklarasyon ng Pasahero

Puwede mong simulan ang iyong Digital na Deklarasyon ng Pasahero (Digital Passenger Declaration o DPD) pitong araw bago ang iyong flight at isumite ito sa loob ng 72 oras bago ang iyong pag-alis papuntang Australia.

Hinihingi ng DOD ang mahahalagang impormasyon ng kalusugan. Isang ipinag-uutos na kinakailangan ang pagbibigay ng impormasyong ito. Makakatulong itong matiyak na hindi ka makakaranas ng mga hindi kinakailangang pagkaantala sa airport, o sa iyong pagdating sa Australia. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang: [DPD](#).

Mga kinakailangan ng estado at teritoryo

Kailangan mong sumunod sa mga kinakailangan sa pagdaan ng estado o teritoryo kung saan ka dumating. **Sumasailalim ang mga hindi nabakunahang biyahero sa mga limitasyon sa dami ng parating na pasahero at kailangang tumugon sa mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo.**

Baka kailanganin mong manatili sa isang matutuluyang hotel at puwedeng hilingin sa iyo na bayaran ang iyong pananatili rito, habang hinihintay ang iyong paalis na flight. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo](#).

Mahigit sa 72 oras

Kung mananatili ka nang mahigit sa 72 oras sa Australia bago ang iyong connecting flight, **hindi ka maituturing** na dumaraan sa Australia.

Kailangan mong matugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan sa pagpasok sa Australia, mga kinakailangan sa pagpapabakuna laban sa COVID-19 at pagpapasuri sa COVID-19, kasama na ang clearance sa immigration, clearance sa customs, clearance sa biosecurity, at mga ipinag-uutos na deklarasyon ng kalusugan. Para sa higit ang impormasyon, tingnan ang [pagtawid sa border](#).

Puwedeng kailanganin mo ring matugunan ang [mga kinakailangan sa pagdating ng estado at teritoryo](#).